Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised June, 2022

ST101 Work Revelation

1. Pagpapahayag ng Diyos Through His Work of Creation

1. Ano ang malalaman natin tungkol sa Diyos sa Kanyang pagkalikha sa langit at lupa?

Marami ang pinapahayag tungkol sa katangian ng Diyos na nagmumula sa mga kuwento ng paglikha sa Genesis, Psalm 19 at Romans 1. Nakatatak sa ating isipan ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos na kung saan nilikha Niya ang sansinukob sa pamamagitan lamang ng Kanyang utos at kalooban mula sa wala. Ang Diyos ay nagsalita at isang maayos at orderly na sansinukob ang lumitaw. Samakatuwid, walang lugar ang random sa ginawang paglikha ng Diyos.

Sinasabi sa Jeremiah 33:25 na itinatag ng Diyos ang Kanyang kasunduan sa araw at gabi at sa mga tuntunin ng langit at lupa. Ang pag-unawa sa mga permanenteng batas ng kalikasan ay nangangahulugan ng pag-unawa sa mga prinsipyong namamahala sa sansinukob, ang kalikasan ng sangnilikha at ng relasyon nito sa kanyang Maylikha.

Inilalantad sa Genesis ang isang malaking disenyo at layunin sa ginawang paglilikha ng Diyos. Nangungusap din dito ang character ng Diyos bilang mabuti at banal, at mapapansin din na ang Diyos ay actively involved sa takbo ng sansinukob. Sinasabi sa Hebrews 1:3 na ang lahat ng bagay ay nananatili sa pamamagitan ng makapangyarihang salita ng Diyos. May kaayusan sa sansinukob dahil ito ay nabubuklod ng salita ng Diyos. Ibig sabihin, ang Diyos ang namamahala sa sansinukob at ang lahat ng tao ay mananagot sa Kanya, para sa kanilang mga isipin, salita at gawa. Kaya, isang kahangalan ang idea na ang Diyos ay parang isang watchmaker na matapos completuhin at susian ang relong nilikha, ito ay iniwan at pinabayaan upang pamahalaan ang kanyang sarili.

Ang work of creation ng Diyos ay nagpapahayag ng Kanyang divine nature at eternal powers at kapag pinag-isipan ang dalawang bagay na ito, mapagwawari ang iba pang mga attributes ng Diyos, tulad ng self-sufficiency, infinity, at immutability. Siya rin ay God of order and beauty at hindi mapagkakaila ang Kanyang soberinidad.

2. Ano ang malalaman natin tungkol sa Diyos sa Kanyang pagkalikha sa tao?

Patungkol sa pagkalikha sa tao, sinasabi sa Psalm 139:14 na kahindik-hindik at kahanga-hanga ang pagkalikha sa atin. Sinabi sa Genesis 1 na hinubog tayo ng Diyos at hinihip Niya sa ating ilong ang hininga ng buhay. Maingat ang pagkalikha ng Diyos sa tao sapagkat nilikha Niya ang tao ayon sa Kanyang wangis. At dahil dito, mas mauunawaan ng tao ang pagkadiyos ng Diyos. Ang pagkakaiba-iba ng mga tao ay nagsasalarawan ng plurality ng Diyos at ang pagiging bukod-tangi ng tao ay nagsasalarawan naman ng Kanyang unity. Sa kaanyuan ng tao nakita ng Diyos ang Kanyang sarili na nananahan kasama ang Kanyang sambayanan, bilang Immanuel.

Ang soberenidad ng Diyos ay mapagmamasdan sa kalawakan, at ito ang panlabas na ebidensya (external

witness) na totoo ngang may isang banal at makapangyarihan na nabubuhay sa walang hangganan.

Bilang saksi sa tao, sinulat ng Soberenyang Diyos directly sa kanyang puso ang mga requirements ng kautusan at ginagawa Niyang maganda ang lahat sa takdang oras ng mga ito. Gayun din, inilagay Niya directly ang sense of eternity sa puso ng tao (internal witness, Romans 2:14-15; Ecclesiastes 3:11).

Ang tao ay nilikhang katulad ng Diyos na may intellect, emotion at will. Inutusan ng Diyos na pangalanan ng tao ang lahat ng mga hayop na Kanyang nilikha, nagpapahiwatig sa kalawakan ng kanyang intellect; ng kanyang kakayahang mag-isip. Binigyan ng Diyos ang lalaki ng asawang babae; nagpapahiwatig ng kakayahang maka-experience ng deep loving emotion o magandang pakiramdam ng pag-iibigan. At pinagsabihan ng Diyos ang tao na makakakain siya ng anumang prutas sa hardin huwag lamang mula sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama; nagpapahiwatig ng kalayaang makapamili or freedom to choose at makapanatili sa kalooban ng Diyos. Ang mga katangiang taglay ni Adan sa simula ay larawan ng mga katangian ng Diyos, bagamat ang mga ito ay limitado sa abot kaya lamang ng kanyang paggiging nilalang.

Ihinahayag ng Bibliya kung ano ang mga bagay na natural nating alam. Sinasabi sa Romans 1:18-20 na ang poot ng Diyos ay nahahayag mula sa langit laban sa kalapastanganan at kasamaan ng tao na pumipigil sa katotohanan dahil sa kanilang kalikuan, yamang maliwanag sa kanila ang kaalaman patungkol sa Diyos. Sapagkat sa simula pa lamang, sa pagkalikha ng sanlibutan, ang mga hindi nakikitang kalikasan ng Diyos – ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan at kabanalan – ay maliwanag na nakikita at nauunawaan mula sa mga bagay na Kanyang nilikha upang ang tao ay walang maidadahilan na walang sapat na patunay na mayroon ngang Diyos. Samakatuwid, ang pananagutan sa Diyos ay maliwanag sa isip ng tao sa simula't simula pa lamang.

Sa pagkalikha sa tao, mapagwawari na ang Diyos ay may karununggan, pakiramdam, pagpapasiya at pagnanasa at ang sangnilikha ay nasa ilalaim ng Kanyang kapangyarihan at pamamahala.

3. Pagpapahayag ng Diyos Through His Work of Redemption

Ano ang malalaman natin tungkol sa Diyos sa Kanyang pagtubos sa Kanyang bayan?

Ang Soberenyang Diyos ay pumili ng mga tao para sa Kanyang sarili. Ang underlying theme o plano ng Diyos patungkol sa sangnilikha at sa Kanyang bayan ayon sa Bibliya ay mababuod sa ganitong pangungusap: Ako ang kanilang Diyos, sila ang Aking bayan at Ako ay mananahang kasama nila.

Napakainam ng layunin ng Diyos para sa tao. Ngunit, sinuway ng tao ang Diyos at nararapat lang na ang tao ay parusahan ng kinauukulang parusa – ang kamatayan. Ang tao ay namatay spiritually sa araw ding iyon nang kanyang disobedience. At dumating ang takdang panahon nang si Adan at Eba ay namatay din physically.

Sapagkat ang lahat ng tao ay binubuo sa kasalanan sa sinapupunan ng ina, ang lahat ay ipinapanganak na patay sa Espiritu. Nagpapatunay na ang pagkakasala ni Adan ay pagkakasala ng sanlibutan. Sa katauhan ni Adan ay makikita natin ang sarili nating pagkatao. Ang bawat isa sa kabuuan ng sanlibutan ay tumalikod sa Diyos ng sandali na tuksuhin siya ng diablo na maging katulad ng Diyos. Pinili natin na pagtiwalaan ang salita ng diablo imbis na panghawak natin ang salita ng Diyos. Ito ay pagtataksil. Maging ang hinirang ng Diyos na Kanyang bayan ay tumalikod din sa Kanya.

Sinasabi ng Bibliya na kahit tayo na Kanyang mga hinirang ay hindi naging matapat sa ating Diyos, Siya ay nananatiling tapat sa atin sapagkat hindi Niya mapagkakaila ang Kanyang sarili (2 Timothy 2:13). Kaya all throughout the history of man, masasaksihan natin ang katapatang ito ng ating Diyos.

Nang panahon ni Noah, sukdulan at walang patid na kasamaan ang bumalot sa buong sanlibutan. Sa kalagayan ni Abraham ang kanyang buong bayan ay patuloy ang pagsamba sa mga diyos-diyosan. Bagamat bagong laya ang bayan ng Diyos mula sa pagkaalipin ng mga Egyptians, patuloy ang kanilang pagtalikod sa Diyos. Nang panahon ni David, kinalimutan ng Israel ang pagiging Hari ng kanilang Diyos dahil sa kanilang pagkainggit sa ibang mga nasyon na mayroong Diyos na kanilang nakikita. Sa kabila ng patuloy at walang patid na pagsuway ng Kanyang bayan, ang presensya ng katapatan, kahabagan at pagpapala ng Diyos ay nanatiling kasa-kasama nila.

Sinabi ni Jesus sa Matthew 20:28 ang ganito: *Hindi Ako naparito upang paglingkuran kundi maglingkod at ibigay ang Aking buhay bilang kabayaran para sa marami*. Sa huling hapunan kasama ang Kanyang mga disipulo, sinabi naman ng Lord ang ganito patungkol sa copa ng alak na Kanyang hawak*: Ito ang Aking dugo ng bagong tipan na mababuhos para sa kapatawaran ng kasalanan ng marami* (Matthew 26:28). Ang nabanggit na kabayaran na tutuparin ni Cristo Jesus ay ipinapahayag sa Psalm 49:7-9, *Walang sino man ang makatutubos ng buhay ng kanyang kapwa o makapagbibigay ng bayad sa Diyos para sa kanya. Mahal ang kabayaran sa buhay, walang pambayad ang magiging sapat para siya mabuhay ng walang hanggan at di siya makaranas ng pagkabulok. Nararapat na ang pantubos ay isang buhay na walang kapintasan; isang buhay na walang kabulukan o pagkabulok.*

Mapalad tayo sapagkat ang pagtubos ng Diyos sa atin ay bahagi ng Kanyang kasunduan sa Kanyang bayan. Nakasaad ang pangakong ito sa Hosea 13:14, *Tutubusin Ko sila mula sa kapangyarihan ng libingan; ililigtas Ko sila sa kamatayan. Kamatayan nasaan ang iyong mga salot? Libingan nasaan ang iyong panira?* Ang katuparan ng pangakong ito ay matatagpuan sa Romans 5:8 – *Nang tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.*

Sa pamamagitan ng ginawa Niyang pagtubos, ipinahayag ng Diyos sa Kanyang bayan na Siya ay matiisin, mahabagin, mapagbiyaya, mabuti, matapat, mahinahon at higit sa lahat, tapat sa pag-ibig sa Kanyang mga hinirang.

Multiple Choice

1. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
   a. Hindi nakikialam ang Diyos sa takbo ng mundo.
   b. Ang divine nature at eternal powers ng Diyos ay nangungusap sa Kanyang work of creation.
   c. Ang lahat ng bagay ay nananatili sa pamamagitan ng salita lamang ng Diyos.

2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
   a. Itinatag ng Dyos ang Kanyang kasunduan sa araw at gabi at sa mga tuntunin ng langit at lupa.
   b. Ang kalikasan ng sangnilikha ay walang relasyon sa kanyang Maylikha.
   c. May kaayusan sa sansinukob dahil ito ay binuklod ng salita ng Diyos.

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi tama? Ang work of creation ng Diyos ay nagpapahayag
   a. Ng Kanyang divine nature at eternal powers.
   b. Ng Kanyang attributes na self-sufficiency, infinity at pagiging mutable.
   c. Na Siya ay God of order and beauty.

4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang external witness ay napagmamasdan ang soberenidad ng Diyos sa kalawakan.
   b. Ang external witness ay ang panlabas na pagpapatotoo ng isang mananampalataya.
   c. Ang external witness ay ang panlabas na totoong may isang banal at makapangyarihang Diyos.

5. Ang requirements ng kautusan ay sinulat ng Diyos sa puso ng tao
   a. Subalit nasasabi pa rin niya sa sarili na wala siyang alam patungkol dito
   b. Kaya ito ay minsan sumusumbat sa kanila o kaya'y nagtatanggol sa kanilang isipan
   c. Subalit ito ay para sa mga Judio lamang.

6. Nagpahayag ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa.
   a. Work of creation at work of redemption
   b. Work in the garden, work in subduing the earth, work in ruling over living things
   c. Good works at sacrifices

7. Ang tao na nilikha ng Diyos ay katulad Niya na may
   a. Intellect, will at emotion
   b. Freedom na gawin ang anumang naisin niya
   c. Freedom to eat anything in the garden

8. Ayon sa Romans 1:18-20, alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Nahahayag ang poot ng Diyos laban sa mga kasamaan ng tao ng pumipigil sa katotohanan.
   b. Ang mga hindi nakikitang kalikasan ng Diyos ay nakikita at nauunawaan sa Kanyang mga nilikha.
   c. Ang tao ay mayroong pa ring sapat na dahilan upang sabihin na walang Diyos.

9. Ang plano ng Diyos patungkol sa sangnilikha at Kanyang bayan ay mabubuod sa ganitong pangungusap:
   a. Hindi ko kayo iiwan ni pababayaan man.
   b. Ako ang kanilang Diyos, sila ang Aking bayan at Ako ay mananahang kasama nila.
   c. Ang Diyos Ama ang pumili, ang Diyos Anak ang tutubos at ang Diyos Espiritung Banal ang magtatatak sa mga hinirang.

10. Ayon sa 2 Timothy 2:13
    a. Dahil tayo ay hindi matapat sa Diyos, hindi rin Siya naging matapat sa pagsagot sa ating panalangin.
    b. Bagamat tayo ay hindi naging matapat sa Diyos, paminsan-minsan, Siya ay tapat sa atin.
    c. Bagamat tayo ay hindi naging matapat sa Diyos, Siya ay nanatiling tapat sa atin.

© Revised: June 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.